

1

Pasipul-sipol pa si Marcus habang tinatahak ang daan pauwi. Hatinggabi na siya nakauwi dahil sa dami ng trabahong kailangan niyang tapusin sa opisina. Hindi naman niya maiasa iyon sa iba dahil gusto niyang siya ang personal na umasikaso sa mga big-time na kliyente ng kompanya.

Nasa kalye na siya malapit sa subdivision na kinaroroonan ng mansyon nila nang biglang may sasakyang humarang sa daraanan niya. Bumaba ang apat na lalaki na nakasuot ng telang itim sa mukha. Armado ang mga ito. Agad na dinaluhong ng kaba ang dibdib ng binata. Alam na niya ang sadya ng mga ito. Siya. Usung-uso ang kidnapping ngayon sa bansa at mayaman ang pamilya niya.

Pinaatras niya ang kotse, balak sanang makalayo sa mga ito ngunit nagpapatok ang isa at sapol ang isang unahang gulong ng kanyang sasakyan. Wala siyang nagawa kundi hintayin ang paglapit ng armadong mga lalaki.

“Baba!” marahas na utos ng isa.

Napilitang bumaba si Marcus lalo na nang itutok sa kanya ng isa pang lalaki ang armalite na dala nito. Hinila siya palapit sa naghihintay na van ng mga ito.

Ngunit bago pa man siya maisakay, isang humaharurot na

sasakyan ang lumabas mula sa kung saan.

“Sir, target is on the move. I repeat, target is on the move,” wika ni Erin sa radyong hawak. Ang mga mata niya ay alertong nakamasid sa eksenang nangyayari ilang metro mula sa kinaroroonan niya. “Sir, I have to intervene now,” paghingi niya ng permiso sa kapitan.

“That’s a negative, de Castro. Hintayin mong dumating ang back-up. Ten minutes and they’ll be there. Wait for my command,” anang tinig sa kabilang linya.

Agad na nagsalubong ang mga kilay ng babae sa narinig. Kapag hindi siya kumilos ngayon ay maaaring magtagumpay ang sindikato sa pagdukot sa lalaki. At maaaring mapahamak ito.

“I’m sorry, Sir. Ten minutes is too long for me to wait. Wala na kayong aabutan kung hihintayin ko pa kayo.” Mabilis siyang gumawa ng sariling desisyon. Ikinasa niya ang hawak na cuarenta y cinco na baril. “I have to do something, or Mr. De Zafra will be dead meat.”

“De Castro, I am giving you an order. And that is to wait for your back-up. Is that clear?” maawtoridad na utos ng boss niya.

“Loud and clear, Sir. But I have to disobey your order, Sir. You can file a complaint against me when this is over, Sir. Sa ngayon, kailangan ko nang gawin ang trabaho ko. Over and out.” Inihagis

niya ang radyo sa passenger seat at pinaandar ang sasakyan.

Alam ni Erin na minumura na siya ngayon ng boss niya, ngunit kailangan niyang suwayin ang utos nito. Habang nag-uusap sila ay naibaba na ng mga kidnapper si Marcus mula sa kotse nito at anumang sandali ay makakaalis na ang mga ito. Kapag hindi niya pinigilan ang plano ng grupo, mas lalong malalagay sa panganib ang buhay ng lalaki. At walang kasiguruhang makababalik ito nang buhay.

Pinag-aralan ni Erin ang posisyon ng apat na armadong lalaki. Ang isa ay hawak sa braso ang biktima. And the three guys were strategically positioned around their victim. Ang ipinapagpapasalamat niya ay hindi nakatutok sa binata ang baril ng mga ito. But that could change easily. At ayaw niyang mapahamak si Marcus De Zafra.

Ikinambyo niya ang sasakyan at mabilis na pinaharurot palapit sa mga ito. Mukhang nagulat ang mga lalaki sa biglaang pagsulpot niya sa eksena. Saglit na natigilan ang mga ito. And those precious seconds gave her the advantage she needed. Mabilis niyang inilabas ang kamay sa bintana and fired two successive shots. Sapol ang lalaking may hawak sa binata at ang isang nasa likuran nito. Napasigaw si Marcus at mabilis na dumapa.

Smart guy, napangiting naisip ng dalaga.

Gumanti ng putok ang dalawa pang lalaking natitira. Pinuntirya ng mga ito ang sasakyang mabilis na nakalapit sa mga

ito. Pinagiwang ni Erin ang sasakyan para maiwasan ang balang rumaragasang sumalubong sa kanya. Ngunit tinamaan pa rin ang windshield ng kotse niya.

She fired again, pero mautak ang mga lalaki. Agad nakapagtago ang dalawa sa likod ng sasakyan ni Marcus. Ang huli naman ay gumagapang palayo sa sasakyan nito, palapit sa daraanan niya. Erin maneuvered her car para mapunta ang passenger side sa mismong tinutumbok ng binata. She was now driving in reverse, ngunit paarangkada pa rin iyon. Mabilis niyang binuksan ang pinto ng kotse.

“Get in!” utos ni Erin habang nagpapaputok sa direksyon ng mga kidnapper para bigyang cover ang binata.

Hindi na rin niya kailangang magdalawang-salita. Pa-dive na pumasok si Marcus. Hindi pa man ito nakakaupo nang maayos, paarangkada na niyang pinatakbo ang sasakyan paalis doon.

“Stay down!” sigaw niya kasabay ng pag-ulan ng bala sa sasakyan nila. “Keep your head down!”

“Jesus Christ!” he cried out. “Get us out of here!”

“I’m trying, okay?” galit na sagot niya. Tingin ba nito madaling magmaneho habang nakikipagpalitan ng putok at umiiwas sa balang umuulan sa sasakyan? “Nas’an na ba ang back-up ko?”

“Typical of you people to be late when you are needed,”

nagawa pa nitong sumagot sa kabila ng takot nito.

Nagatungan ang inis ng dalaga dahil sa isinagot ni Marcus.

“Hey! I came at the right time. If it wasn’t for me, your ass is still back there being dragged by those bad guys. Kaya magpasalamat ka na lang kaysa magreklamo diyan,” inis na wika niya.

“Sorry!”

“You should be. Hindi magandang sumbatan ang taong tumutulong sa ’yo. Kahit pa sabihing trabaho namin ito,” paismid na sagot niya. “Now shut up so I can drive!”

Tumahimik naman si Marcus. Tumingin ang dalaga sa rearview mirror at nakita niyang hinahabol pa rin sila ng dalawang lalaki. Mukhang ayaw silang patakasin. Kung bakit kasi ang tagal dumating ng mga kasama niya.

Magpapaputok sana si Erin, ngunit naubusan ng bala ang baril niya.

“Reload my gun for me. May ekstrang magazines diyan sa compartment,” utos niya sa nananahimik na lalaki. Hindi siya puwedeng magpalit ng bala dahil nagmamaneho siya. “Bilisan mo.”

Binuksan nito ang maliit na compartment at kinuha ang ekstrang bala mula roon. “Hindi ako marunong magpalit nito,” pagkuwa’y saad nito habang hawak sa dalawang kamay ang bala

at baril.

“Shit!” Nahampas ni Erin ang manibela. Of all people na puwede niyang iligtas, ito pang hindi siya kayang tulungan ang napunta sa kanya? “Madali lang ’yan. Just press the button on the side at kusa nang mahuhulog ang empty magazine. But keep your finger off the trigger, baka makalabit mo by accident at tayo ang madisgrasya mo,” she instructed.

Mabilis naman nitong nagawa ang ipinapagawa niya pagkatapos ay ibinigay sa kanya ang baril. Kinuha iyon ng dalaga at sunud-sunod na nagpapatok. Right on target, pumutok ang gulong ng van at nagpagiwang-giwang ang takbo niyon.

“Right, that should do the trick. Puwede nang tapusin ng mga kasama ko ang naiwan nating trabaho. As for you, dadalhin muna kita sa isang safehouse namin just to be safe.”

Kinuha ni Erin ang cellphone sa bag at nag-dial. Agad namang may sumagot.

“Gonzales, pumunta kayo ni Sanchez sa safehouse. Kayo na muna ang bahala kay Mr. De Zafra,” agad na utos niya matapos sagutin ng kasama ang tawag.

“Ano? Magiging babysitter pa kami,” reklamo ng lalaki.

“Talagang ganyan. Para may trabaho naman kayo, ’di lang puro upo.”

“Sige na nga. S’abi pala ni Sir, bukas daw mag-report ka

dito sa opisina. Early. 'Yan ang bilin niya bago umalis. Mukhang na-bad trip siya sa 'yo," tila nasisiyahang sabi nito. Bonus kasi sa kanila kung napapainit nila ang ulo ng boss. At siya ang laging panalo pagdating sa pagpapakulo ng dugo nito.

"Lagi namang bad trip sa akin si Sir. Kailan pa ba ako nakagawa nang tama para sa kanya?" pabalewalang sagot niya. "O, lumakad na kayo at nasa daan na kami. Hihintayin na lang namin kayo doon." Agad na niyang pinutol ang tawag. Sinulyapan ni Erin ang lalaking kasama. Mukhang na-shock ito. Namumutla at malalaki ang butil ng pawis sa noo. "You're not going to be sick, are you?" alanganing tanong niya. Mukha kasing gusto nitong masuka o matae sa itsura nito.

Umiling ito pero hindi nagsalita. Mukhang ayaw ibuka ang bibig. Napabuntong-hininga naman ang dalaga. She needed to distract him para mawala ang takot nito.

"You did good back there," papuri niya. Gusto lang niyang ilayo ang isip nito sa nangyari.

Pagak naman itong napatawa. "Yeah, right. All I did is crawl in the dirt."

"Exactly. Your first thought is self-preservation. Hindi ka nagpakabayani at pumilit umagaw ng baril. Kung sakaling ginawa mo iyon, mas naging mahirap sana ang trabaho ko. Since you got out of the way, mas naging madali para sa akin ang alisin ka sa lugar na iyon. Most people will panic, pero ikaw, naging

matapang ka,” ani Erin.

“Wala namang ibang laman ang isip ko kundi ang huwag matamaan ng bala. Ikaw ang gumawa ng lahat,” mahinang sabi ng binata.

“Because it’s my job.”

Saglit na hindi umimik si Marcus. Hinayaan lang ito ng dalaga at nag-concentrate sa pagmamaneho. Mayamaya pa’y ang lalaki rin ang bumasag sa katahimikan.

“Bakit naroon ka sa eksaktong oras na iyon? And how did you come at the right time to save me? At sino ang mga taong iyon?” sunud-sunod na tanong nito. Bahagya pa itong humarap sa gawi niya. Matamang minasdan nito ang kanyang mukha.

At may kung ano sa tinig ng binata ang hindi mabigyang-pangalan ng babae. An emotion that she could not identify.

“Sila ay kabilang sa sindikato ng *Cobra*. Notorious ang mga kriminal na ito. Matagal ko nang sinusubaybayan ang kilos nila. At nalaman kong ikaw ang target,” paliwanag niya. “A few months ago, I started shadowing their every move. Ang mga taong sumusubaybay sa ’yo ay sinusubaybayan ko rin. Sa bawat hakbang nila, naroon ako. Naghinala ako agad nang magsimula silang sumunod-sunod sa bawat kilos mo. Kaya lalo kong pinagbuti ang pagbantay sa kanila. And that’s how I came to your rescue,” pagtatapos ni Erin.

“At ang mga magulang ko? Hindi ba sila manganganib?”
naalarmang tanong nito.

“Hindi naman siguro. Sa ngayon, may itinalaga na sigurado ang boss ko na magbabantay sa kanila. Ikaw lang naman ang pangunahing target, kaya mas importanteng mailayo kita. Once that I’ve seen to that, babalik ako sa headquarters para mag-file ng report. At para tugisin ang miyembro ng sindikato.”

“Kung ganito na pala karami ang alam n’yo tungkol sa kanila, bakit hindi n’yo pa arestuhin?” may pagtataakang usisa nito.

Erin gave him a condescending smile. Hindi niya maiwasan iyon. “Hindi ganoon kadali iyon, Mr. De Zafra. Oo, alam ko ang kilos at ibang miyembro nila. Pero wala kaming sapat na katibayan para maipakulong sila. Ang kaso mo ang unang lead namin. At kung hindi namatay ang mga lalaking nabaril ko kanina, maaari silang tumestigo laban sa mga iba pang miyembro.

“Pero hindi lang iyon ang gusto kong mangyari. To kill a plant, you must root it out para masigurong hindi na ito muling tutubo. At gan’on ang gusto kong mangyari sa *Cobra*. Ang mahuli ang pinakapinuno para tuluyang mabuwag. Until then, panay surveillance lang kami,” tila bata ang pinagpapaliwanagan niya. Mataman namang nakikinig ang binata.

“I see. At ako, ano ang mangyayari sa akin?”

“Nasa sa ’yo na iyon. Hindi mo nakilala ang mga taong nagbalak dumukot sa ’yo, kaya hindi ka pupuwedeng tumestigo.

As for your protection, mas maganda siguro kung mag-hire ka na lang ng magbabantay sa 'yo hanggang sa masiguro naming nabuwag na ang sindikato. Sa ngayon, sa safehouse ka muna mamalagi hangga't hindi pa siguradong ligtas ka. Bukas o sa makalawa, puwede ka nang umuwi."

Tumango si Marcus.

"Kailangan kong humingi ng pabor sa 'yo, Mr. De Zafra." Saglit itong natigilan bago marahang tumango. "I don't want anyone to know about my involvement. Para sa pansarili kong proteksyon. Naiintindihan mo ba?"

Tumango ang binata.